



BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

Latent TB Infection

Latent TB Infection

Ano ang ibig sabihin ng positive TB skin test o blood test? (What does a positive TB skin test or blood test mean?)

Ang positive TB skin test o TB blood test ay nangangahulugan na ang iyong katawan ay naimpeksyon ng mga mikrobyo ng TB. Hindi sinasabi ng test kung gaano na katagal ang mga mikrobyo sa iyong katawan o kung ito'y aktibo o latent (natutulog).



Ang **latent TB infection** ay nangyayari kapag nalanghap mo at pumasok sa iyong baga ang mga mikrobyo ng TB, at kayang itigil ng iyong immune system ang pagdami ng mga mikrobyo ng TB nang hindi ka nito mabigyan ng sakit. Ang mga taong may latent TB infection ay **walang** mga anumang sintomas. **Hindi** nila **maaaring** ikalat ang TB sa ibang tao.



Ang **aktibong sakit na TB** ay nangyayari kapag nalanghap mo at pumasok sa iyong baga ang mga mikrobyo ng TB, at hindi kayang itigil ng iyong immune system ang mga mikrobyo ng TB. Lumalaki at dumarami ang mga mikrobyo ng TB at ikaw ay magkakasakit.

Ang BCG at TB skin test (BCG & TB skin test)


Kung nakatanggap ka ng isa o higit pang mga BCG na bakuna pagkaraan ng isang taong gulang, maaaring hindi maaasahan ang iyong TB skin test. Kausapin ang iyong nars o doktor.

Latent TB Infection (Latent TB Infection)

Upang malaman kung mayroon kang **latent TB infection**, kailangan namin ng iba pang impormasyon bukod sa isang TB skin test o TB blood test.

Gagawin ng iyong doktor o nars ang sumusunod:

- Tatanungin ka kung mayroon kang anumang mga palatandaan o sintomas ng aktibong sakit na TB.
- Sasabihin sa iyo na magpa-chest x-ray.
- Mangongolekta ng mga sampol ng dura (plema o mucous mula sa baga), kung kinakailangan.



Rerebyuhin ng isang **doktor sa TB** ang iyong impormasyon sa kalusugan at ang iyong mga risk upang malaman kung mayroon kang **latent TB infection**. Depende sa iyong mga ispesipikong risk factor, maaari kang alukin ng **doktor sa TB** ng gamot para gamutin ang latent TB infection upang tulungan kang manatiling malusog.

Pinatataas ng ilang **mga medikal na kondisyon** ang iyong risk na magkaroon ng sakit na TB. Kausapin ang iyong health care practitioner kung ikaw ay may:

- HIV
- Chronic kidney disease (pangmatagalang sakit sa bato)
- Kanser
- Mahinang immune system dahil sa gamot (halimbawa, umiinom ka ng Enbrel para sa iyong arthritis)
- Diyabetis

Paggamot sa Latent TB Infection (Latent TB Infection Treatment)

Kung nadiagnos ka ng latent TB infection, maaaring alukin ka ng gamot upang patayin ang mikrobyo ng TB bago ito magkaroon ng pagkakataong “magising” at mabigyan ka ng aktibong sakit na TB. Sa Canada, maraming mga opsyon sa paggamot; ang mga ito ay mabisa sa pagbawas ng iyong risk na magdibelop ng aktibong sakit na TB sa darating na panahon. Tatalakayin sa iyo ng iyong doktor sa TB ang mga opsyon na ito upang malaman kung alin ang pinakamainam para sa iyo.



Ang mga gamot sa TB sa BC ay libre. Kapag sinimulan mo ang iyong paggamot para sa latent TB infection, rerebyuhin ng iyong health care provider ang mga masasamang epekto ng gamot. Kakailanganin ang mga rutinang blood test at mga regular na pagpunta sa iyong nars o doktor upang ma-monitor ang iyong kalusugan habang ikaw ay ginagamot. May kaunting panganib na maiirita ng gamot ang iyong atay. Dapat mong sabihin sa iyong nars o doktor kung ikaw ay nagkaroon ng mga singaw sa balat o nakaramdam ng alibadbad at pagkapagod.

Mga Pani-paniwalang Walang Katotohanan at mga Kinatatakutan (Myths & Fears)

Ang latent TB infection ay naiiba sa sakit na TB pero kadalasang nalilito ang mga tao at hindi nila ito naiintindihan. Paminsan-minsan ay nag-aalala ang mga tao na ikaw ay nakakahawa dahil ikaw ay may latent TB infection. **Hindi** ito totoo. Ang mga pani-paniwalang walang katotohanan tungkol sa latent TB infection ay maaaring magdulot ng hiya at stigma, at dahil dito’y maaaring hindi tanggapin ng mga tao ang kanilang diyagnosis at maaari nilang hindi inumin ang gamot na maaaring magpanatili sa kanila na malusog. Maaari mong iwasan ang stigma ng TB:

- Hikayatin ang mga tao na pag-usapan ang kanilang mga alalahanin o mga kinatatakutan tungkol sa TB.
- Ipaalala sa mga tao na kung sila’y may latent TB infection, **hindi** nila maaaring ibigay ang impeksyon sa ibang tao. Maaari nilang patuloy na gawin ang lahat ng mga bagay na karaniwan nilang ginagawa: magtrabaho, mag-aral, magbiyahe. Hindi sila kailangang ihiwalay sa iba o i-quarantine.
- Hikayatin ang mga taong may sintomas ng **aktibong sakit na TB** na puntahan ang kanilang health care practitioner para magpa-screen o magpa-testing.

Pinanggalingan ng impormasyon: STAMPP, CREATE at International HIV/AIDS Alliance. (2009). *Unawain at hamunin ang TB stigma: Action toolkit na maaagamit (Understanding and challenging TB stigma: Toolkit for action)*. Dexter-Graphics, UK.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paglipat ng TB sa ibang tao, sa latent TB infection at sa aktibong sakit na TB, mangyaring bisitahin ang www.bccdc.ca/TBVideoEnglish at panoorin ang “TB Germ: A Cunning World Traveler” (Ang Mikrobyo ng TB - Isang Oportunistang Biyahero). Ito’y available din sa Korean, Mandarin, Punjabi, Ingles, at Vietnamese.

